

Estado ng Alaska

Polyeto ng Panukalang Botohan



Primaryang Halalan
Agosto 18, 2026



Tagalog



Talaan ng mga Nilalaman

Araw ng Pangunahing Halalan ay Martes, Agosto 18, 2026

Impormasyon sa Pagboto.....	4
Tulong at mga Alalahanin ng Botante.....	5
Tulong sa Wika.....	6
Pagboto sa Pamamagitan ng Absentee na Balota.....	7
Aplikasyon para sa Balotang Absentee.....	8
Mga Lugar ng Botohan.....	9
Halimbawang Balota.....	14-15
Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1 – Tanong tungkol sa mga Limitasyon sa mga Ambag sa Kampanya.....	17-23

Tulungan ang Iyong Komunidad!

Kung nais mong mabayaran habang naglilingkod sa iyong komunidad.....

Kung nasisiyahan kang makasama ang iyong mga kapitbahay at makakilala ng mga bagong tao.....

Kung gusto mong tulungan ang mga tao na gamitin ang kanilang karapatang bumoto.....

Magpalista bilang isang manggagawa sa botohan!

Sa bawat siklo ng halalan, ang mga panrehiyong tanggapan ng halalan ay nagtatalaga ng daan-daang manggagawa sa botohan.

Kung nais mong maging manggagawa sa botohan, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na panrehiyong tanggapan sa iyo.

(Ang mga lokasyon ng tanggapan ay nasa likod ng polyetong ito)

Ang publikasyong ito ay inihanda ng Dibisyon ng mga Halalan, ginawa sa halagang \$1.89 bawat kopya upang ipaalam sa mga botanteng Alaskan ang tungkol sa mga isyung nakalagay sa Balota ng Pangunahing Halalan ng 2026 alinsunod sa AS 15.58.010 at inilimbag sa Portland, Oregon.

Mga Kandidato at Pangunahing Halalan - AS 15.58.020 (c)(1)

Sa bawat labanan sa halalan, maaari kang bumoto para sa alinmang kandidatong nakalista. Ang apat na kandidatong makatatanggap ng pinakamaraming boto para sa isang posisyon sa estado, senador ng Estados Unidos, o kinatawan ng Estados Unidos ay uusad sa pangkalahatang halalan. Gayunman, kung pagkatapos ng pangunahing halalan at 64 na araw o higit pa bago ang pangkalahatang halalan, ang isa sa apat na kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto para sa isang posisyon sa pangunahing halalan ay mamatay, umurong, magbitiw sa tungkulin, madiskuwalipika, o mapatunayang walang kakayahang gampanan ang tungkulin, ang kandidatong nakatanggap ng ikalimang pinakamaraming boto para sa posisyong iyon ay uusad sa pangkalahatang halalan.

Ang bawat kandidato ay maaaring magtalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika na nakarehistro bilang kaanib niya. Ang pagtatalaga ng partidong pampulitika o grupong pampulitika ng kandidato sa balota ay hindi nangangahulugang ang kandidato ay nominado o inendorso ng partido o grupong iyon o na ang partido o grupo ay sumasang-ayon o nakaugnay sa kandidatong iyon.

Paunawa para sa Opisyal na Pampleto ng Halalan

Ang Dibisyon ng mga Halalan ng Alaska ay may pananagutan sa pagsasagawa ng lahat ng halalan ng estado at pederal sa Alaska at sa pagbibigay ng rehistrasyon ng botante.

Ang aming misyon ay tiyakin ang tiwala ng publiko sa proseso ng halalan sa pamamagitan ng pangangasiwa ng rehistrasyon ng botante at mga halalan na may pinakamataas na antas ng pamantayang propesyonal, integridad, seguridad, katumpakan, at pagiging patas.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay inaatasan sa ilalim ng AS 15.58 na isama sa Opisyal na Pampleto ng Halalan ang mga pahayag, opinyon, rekomendasyon, at komento na ibinigay ng iba't ibang indibidwal at grupo, kabilang ang mga kandidato, mga partidong pampulitika, at mga grupong nagsusulong ng o tumututol sa mga inisyatiba. Ang anumang mga pahayag, opinyon, rekomendasyon, o komento na ipinahayag sa Opisyal na Pampleto ng Halalan ay mula sa indibidwal o grupong sumulat nito at hindi ineendorso ng Dibisyon ng mga Halalan.

Ang Dibisyon ng mga Halalan ay isang ahensiyang walang kinikilingan at patas at ipinagbabawal na sumulat o magbago ng teksto ng anumang isinumiteng pahayag na nakakatugon sa mga itinakdang kinakailangan ng batas. Ang Opisyal na Pampleto ng Halalan ay nilalayong magbigay-kaalaman sa mga botante tungkol sa mga bagay na kanilang pagbobotohan at upang pahintulutan ang bawat botante na makagawa ng isang may sapat na kaalamang pasya bago magbigay ng boto.

Impormasyon sa Pagboto

Ang Araw ng Pangunahing Halalan ay Martes, Agosto 18, 2026

Mga Presinto ng Botohan

Ang mga presinto ng botohan ay bukas mula 7:00 n.u. hanggang 8:00 n.h. Upang hanapin ang iyong presinto ng botohan, bisitahin ang <https://myvoterportal.alaska.gov> o <https://www.elections.alaska.gov/poll-locator>, o tumawag sa 1-866-952-8683.

Magdala ng Pagkakakilanlan sa Presinto ng Botohan

Magdala ng Pagkakakilanlan sa Presinto ng Botohan:

- Kard ng Pagkakakilanlan ng Botante
- Sertipiko ng Kapanganakan
- Pasaporte
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Estado
- Kasalukuyan at balidong kard ng pagkakakilanlan na may larawan
- Lisensya sa Pagmamaneho
- Lisensya sa Pangangaso o Pangangisda
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Militar

Bilang alternatibo, maaari kang gumamit ng orihinal na kopya ng isa sa mga sumusunod na dokumento kung naglalaman ito ng iyong pangalan at kasalukuyang tirahan:

- Kasalukuyang Bayarin sa Serbisyong Pampubliko
- Tseke mula sa Pamahalaan
- Iba Pang Dokumento Mula sa Pamahalaan (Kabilang ang mga Tribal ID)
- Pahayag ng Bangko
- Tseke ng Sahod

Ano ang Mangyayari Kung ang Iyong Pangalan ay Wala sa Rehistro

Kung ang iyong pangalan ay hindi lumitaw sa rehistro ng presinto o kung wala kang pagkakakilanlan, kakailanganin mong bumoto gamit ang isang kuwestiyunadong balota. Ang iyong nabotong balota ay ilalagay sa isang supot para sa pagiging lihim at pagkatapos ay isasara sa loob ng isang nakumpletong sobre ng kuwestiyunadong balota. Ang impormasyong ibibigay mo sa labas ng sobre ng kuwestiyunadong balota ay gagamitin upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat na bumoto at upang ma-update ang iyong rehistrasyon bilang botante. Kung sa anumang dahilan ang iyong kuwestiyunadong balota ay hindi ganap na mabibilang, ikaw ay aabisuhan sa pamamagitan ng sulat.

Pagmamarka ng Balota

Kapag bumoboto sa balota, punuin nang buo ang bilog sa tabi ng kandidato o isyung nais mong iboto. Punuin ang bilog nang ganito: ●

Kailangan mo lamang markahan ang mga labanan sa halalan o mga isyu na nais mong iboto. Kung magmamarka ka ng higit sa isang pagpipilian sa isang labanan sa halalan o isyu, ang bahaging iyon ng balota ay **HINDI** bibilangin. Ang mga bahagi ng balota na wastong namarkahan ay bibilangin.

Kung nagkamali ka sa pagmamarka ng iyong balota, **HUWAG** burahin o itama ang balota. Maaari mong ibalik ang nasirang balota sa isang manggagawa sa halalan at humiling ng bagong balota. Kung susubukan mong itama ang isang pagkakamali sa balota, maaaring hindi mabilang ang itinamang boto.

Tandaan: Maaari ka lamang makatanggap ng kapalit para sa nasirang balota nang dalawang beses.

Ipinagbabawal ang Pangangampanya

Hindi pinahihintulutan ang pangangampanya sa loob ng 200 talampakan mula sa anumang pasukan ng presinto ng botohan habang bukas ang botohan. Kabilang dito ang anumang talakayan tungkol sa mga kandidato o mga isyung nasa balota o ang pagpapakita ng mga gamit sa pangangampanya tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumbrero, kamiseta, karatula, dikit sa bumper, o mga pindutan. (AS 15.15.170)

Tulong at mga Alalahanin ng Botante

Tulong Habang Bumoboto

Kung kailangan mo ng tulong sa wika o iba pang tulong habang nagaganap ang pagboto, maaari kang pumili ng taong tutulong sa iyo. Ang taong iyon ay hindi maaaring maging kandidato sa halalan, ang iyong tagapag-employo, isang kinatawan ng iyong tagapag-employo, o isang kinatawan ng iyong unyon. Maaari kang magkaroon ng tulong sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto, kabilang ang loob ng kubol ng botohan para sa pagbasa o pagmamarka ng balota. Ang mga manggagawa sa halalan sa presinto ng botohan ay maaari ring tumulong sa iyo. Ito ay iyong karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

Tulong sa Wika

Sa ilalim ng Seksyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto, ang Dibisyon ng mga Halalan ay nagbibigay ng tulong sa wika sa mga botanteng may limitadong kasanayan sa Ingles na matatas sa mga wikang Katutubong Alaskan o Tagalog. Sa Araw ng Halalan, may mga bilingual na manggagawa sa halalan sa mga lugar ng botohan upang tulungan ang mga botante sa proseso ng pagboto, kabilang ang pagpapaliwanag ng mga pamamaraan sa pagboto at pagsasalim ng mga materyales sa balota kung kinakailangan.

Sa mga komunidad na saklaw ng Kasunduang Toyukak, ang mga bilingual na manggagawa sa outreach ay magagamit din bago ang Araw ng Halalan. Ang mga manggagawang ito ay nagbibigay ng mga anunsyo, nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa halalan sa kanilang mga komunidad, at tumutulong sa mga botante sa mga gawaing may kaugnayan sa halalan tulad ng pagpaparehistro ng botante, pagboto nang absentee, at pag-unawa sa impormasyong nakapaloob sa polyetong ito.

Kung kailangan mo ang pangalan ng taong nagbibigay ng tulong sa wika sa iyong komunidad, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Maaaring makakuha ng tulong sa wika ang sinumang botante sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na 1-866-954-8683.

Tableta para sa Pagboto

Sa Araw ng Halalan, ang bawat presinto ng botohan ay may tableta para sa pagboto. Ang tableta para sa pagboto ay para sa mga bulag, may kapansanan, at sa mga botanteng hindi mahusay magbasa. Pinahihintulutan nito ang mga botante na bumoto nang walang tulong gamit ang pinalaking balota, balotang may mataas na contrast, at mga balotang may awdyó. Sa mga itinalagang lugar kung saan may mga botanteng may limitadong kaalaman sa Ingles, ang tableta para sa pagboto ay mayroon ding awdyó na salin ng balota sa mga Wikang Katutubo ng Alaska at Tagalog para sa mga naaangkop na rehiyon. Ang pagboto gamit ang balotang may awdyó ay maaaring tumagal ng 15 – 20 minuto. Kung kailangan mong bumoto gamit ang aparatong tableta para sa pagboto, ipaalam ito sa lupon ng halalan.

Mga Botanteng may Kapansanan sa Paningin

Bukod sa tableta para sa pagboto sa bawat presinto ng botohan, ang mga pampalaki ng balota ay makukuha sa lahat ng presinto ng botohan at mga lugar ng pagboto nang wala sa presinto. Ang awdyó na pagrekord ng pampletong ito ay makukuha mula sa Aklatang Pang-estado ng Alaska, Sentro ng mga Aklat na Pinakikinggan, na matatagpuan sa Juneau at sa website ng Dibisyon ng mga Halalan. Tumawag sa aklatan sa (907) 465-1315 para sa impormasyon.

Mga Botanteng may Kapansanan sa Pandinig

Para sa mga katanungan, maaari kang makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan sa pamamagitan ng aming aparatong TTY para sa telekomunikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (907) 465-3020.

Mga Botanteng may Pisikal na Kapansanan

Kung nahihirapan kang makapasok sa iyong presinto ng botohan, o kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagiging madaling mapuntahan ng iyong presinto ng botohan, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan. Ginagawa namin ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na ang mga presinto ng botohan ay madaling mapuntahan ng lahat ng mga taga-Alaska.

Mga Alalahanin, Komento, at mga Katanungan

Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, komentong, o mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa isang Opisina ng Dibisyon ng mga Halalan.

Opisina ng Direktor

(907) 465-4611
Libreng Tawag: 1-866-952-8683

Rehiyon I

Juneau: (907) 465-3021
Libreng Tawag: 1-866-948-8683

Rehiyon II

Anchorage: (907) 522-8683
Libreng Tawag: 1-866-958-8683

Rehiyon III

Fairbanks: (907) 451-2835
Libreng Tawag: 1-866-959-8683

Rehiyon IV

Nome: (907) 443-5285
Libreng Tawag: 1-866-953-8683

Rehiyon V

Mat-Su: (907) 373-8952
Libreng Tawag: 1-844-428-8952

Tulong sa Wika

Libreng Tawag: 1-866-954-8683

TULONG SA WIKA

Ang tulong sa wika ay magagamit sa Araw ng Halalan. Ang mga pagtukoy sa Seksyon 203 noong 2021 at ang Kasunduang Toyukak ay nag-aatas sa Dibisyon na magbigay ng tulong sa wika sa mga sumusunod na wika at diyalekto:

- Bristol Bay Yup'ik
- Chevak Cup'ik
- General Central Yup'ik
- Hooper Bay Yup'ik
- Norton Sound Kotlik Yup'ik
- Nunivak Cup'ig
- Yukon Yup'ik
- Northern Inupiaq
- Tagalog

Upang makakuha ng tulong sa wika online, bisitahin ang **www.elections.alaska.gov**. Kabilang sa mga magagamit na isinaling materyales ang:

- Polyeto ng Panukalang Botohan (BMP)/ Opisyal na Pampleto ng Halalan (OEP)
- Mga Halimbawa ng Balota
- Mga Materyales na Panturo Tungkol sa Pagboboto ng Niraranggo na Piliang
- Mga Pormularyo para sa Rehistrasyon ng Botante
- At Marami Pa!



Pagboto nang Wala sa Presinto

Kung ayaw mong pumunta sa iyong presinto upang bumoto sa Araw ng Halalan, may mga sumusunod na opsyon na maaari mong piliin.

Pagboto sa Lugar ng Pagboto nang Wala sa Presinto

Simula Agosto 03, 2026, maaari kang bumoto sa isang lugar ng pagboto nang wala sa presinto. Ang mga balota para sa lahat ng 40 distrito ay makukuha sa mga itinalagang lugar ng botohan. Bukod dito, maraming iba pang lugar ng pagboto sa buong Alaska na magkakaroon ng mga balota para sa distrito ng kapulungan ng komunidad. Para sa karagdagang impormasyon o para sa listahan ng mga lugar ng pagboto nang wala sa presinto bisitahin ang aming website sa www.elections.alaska.gov/avo/ o makipag-ugnayan sa isang Opisina ng Halalan sa Rehiyon.

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o Elektronikong Pagpapadala

Upang bumoto sa pamamagitan ng koreo o elektronikong pagpapadala, kailangan mong magsumite ng isang aplikasyon.

Pagtanggap ng Balota sa Pamamagitan ng Koreo

Kailangan mong kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa balota ng pagboto nang wala sa presinto upang makatanggap ng balota sa koreo. **Ang iyong aplikasyon DAPAT matanggap bago o sa Agosto 8, 2026, upang makatanggap ng balota para sa Pangunahing Halalan.** Mag-aplay nang maaga upang matiyak ang napapanahong paghahatid ng iyong balota. Kapag ibinabalik ang iyong nabotong balota, dapat itong may tatak-koreo sa o bago ang Araw ng Halalan.

Pagtanggap ng Balota sa Pamamagitan ng Elektronikong Pagpapadala

May dalawang paraan upang bumoto sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala. Maaari kang mag-aplay upang padalhan ka ng balota sa pamamagitan ng FAX o online na paghahatid. **Para sa Pangunahing Halalan, maaari kang mag-aplay sa pagitan ng mga petsang Agosto 3, 2026 hanggang 5:00pm Oras ng Alaska sa Agosto 17, 2026.** Ang iyong nabotong balota ay maaari lamang ibalik sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng fax. Kung ibabalik mo ang iyong nabotong balota sa pamamagitan ng fax, dapat itong matanggap nang hindi lalampas sa 8:00pm Oras ng Alaska sa Araw ng Halalan. Kung ibabalik mo ang iyong nabotong balota sa pamamagitan ng koreo, dapat itong may tatak-koreo sa o bago ang Araw ng Halalan.

Hinihikayat ang mga botante na mag-aplay nang walang papel gamit ang online na sistema ng aplikasyon para sa absentee na balota ng dibisyon, <https://absenteeballotapplication.alaska.gov/>. Nakakatipid ito ng oras, papel at selyo sa koreo!

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o elektronikong pagpapadala, mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina para sa mga Botanteng Hindi Makakarating sa (907) 270-2700 o sa Libreng Tawag 1-877-375-6508.

Pagboto para sa mga Taong may Espesyal na Pangangailangan

Kung hindi ka makapunta sa presinto ng botohan dahil sa edad, malubhang karamdaman, o kapansanan, maaari kang magtalaga ng isang personal na kinatawan upang kunin at ihatid sa iyo ang balota simula 15 araw bago ang halalan sa isang lugar ng pagboto nang wala sa presinto o sa Araw ng Halalan sa presinto ng botohan. Ang iyong personal na kinatawan ay maaaring sinuman, maliban sa isang kandidato sa halalan, ang tagapag-empleyo ng botante, isang kinatawan ng tagapag-empleyo ng botante, o isang opisyal o kinatawan ng unyon ng botante.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto nang wala sa presinto, makipag-ugnayan sa alinmang opisina ng Dibisyon ng mga Halalan o bisitahin ang aming website sa:

www.elections.alaska.gov

Aplikasyon para sa Absentee Ballot (balota ng botanteng hindi makakadalo nang personal sa botohan sa araw ng halalan) sa Alaska – Para sa Pederal at Pang-estadong Halalan

Mga Halalan:	1	☐ Lahat sa Kalendaryong Taon	☐ Primarya (Agosto)	☐ Pangkalahatan (Nobyembre)
		☐ REAA (Oktubre)	☐ Espesyal	
Pagiging kwalipikado: Kung ang sagot mo ay 'Hindi' sa alinman sa mga tanong, hindi ka maaaring magparehistro.	2	Ikaw ba ay mamamayan ng Estados Unidos? (Hindi kwalipikado ang mga hindi mamamayan ngunit U.S. National)		☐ Oo ☐ Hindi
		Ikaw ba ay hindi bababa sa 18 taong gulang o nasa loob ng 90 araw bago ang iyong ika-18 kaarawan?		☐ Oo ☐ Hindi
Isulat ang iyong pangalan nang malinaw:	3	Apelyido	Pangalan	Gitnang Pangalan
		Suffix		
Iba pang impormasyon:	4	Dating pangalan (kung nagbago):		Numero ng botante (kung alam)
Address ng tirahan sa Alaska: Magbigay ng address ng tirahan sa Alaska. Huwag gumamit ng PO, PSC, HC at Box o tirahan sa labas ng estado.	5	Numero ng Bahay	Pangalan ng Kalye	Numero ng Apartment
		Lungsod	Alaska Estado	
		☐ *Panatilihing kumpidensyal ang aking address ng tirahan. Ang address sa koreo sa 6 ay DAPAT naiiba sa tirahan sa 5.		
Ang address kung saan ka tumatanggap ng sulat (Permanente):	6			
Mga Identipikasyon: <u>KAILANGAN</u> mong magbigay ng <u>ISA</u> :	7	*SSN o Huling 4 na numero	*Lisensya sa pagmamaneho ng Alaska o ID ng Estado	☐ Wala akong SSN o lisensya sa pagmamaneho ng Alaska o ID ng Estado
Petsa ng Kapanganakan at Kasarian: <u>KAILANGAN</u> mong magbigay ng <u>Petsa ng Kapanganakan</u> :	8	*Petsa ng Kapanganakan	Kasarian	☐ Lalaki ☐ Babae
Partido politikal na kinaaaniban:	9	Isulat ang partidong kinaaaniban (Para sa mga pagpipilian, tingnan ang mga tagubilin):		
Kanselahin ang rehistrasyon sa ibang estado	10	Lungsod:	Estado:	Lalawigan:
Mga Botanteng Militar at Nasa Ibang Bansa: Suriin ang iyong katayuan.	11	☐ Aktibong miyembro ng Mga Unipormadong Serbisyo, Merchant Marine, o commissioned corps, o kwalipikadong asawa o dependent.		
		☐ O ako ay pansamantala o permanenteng naninirahan sa ibang bansa at balak kong bumalik sa Alaska.		
Paraan ng Paghahatid ng Balota: Piliin ang paraan ng paghahatid ng iyong balota. Paalala: Maaaring pumili ang mga botanteng militar o nasa ibang bansa ng Koreo, Online, o Fax	12	Ang opsyon na online o fax ay hindi magagamit sa mga sibilyan (hindi militar/nasa ibang bansa) na botante hanggang 15 araw bago ang araw ng halalan. Bago ang petsang ito, kung mapili, ipapadala sa iyo ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo.		
		☐ Koreo – Punan ang kahon 14	☐ Online – Punan ang kahon 15	☐ Fax – Punan ang kahon 15
Nasa malalayong lugar sa Alaska o sa ibang bansa?	13	☐ Oo, ako ay nasa rural na lugar sa Alaska o sa ibang bansa kung saan limitado ang serbisyo ng koreo. Kung oo, ipapadala sa iyo ang balota 45 araw bago ang halalan.		
Address para sa pagpapadala ng balota: Ang mga balota ay HINDI ipapasa. Magbigay ng address kung saan mo matatanggap ang koreo.	14			
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: Isama ang lahat ng prefix para sa estado at internasyonal.	15	*Telepono: _____	*Fax: _____	
		*Email: _____		
Sertipiko—Basahin at Lagdaan: <u>Ang iyong lagda ay dapat isinulat ng kamay.</u> Hindi valid ang naka-type o digital na lagda. *Ang mga impormasyong ito ay pinananatiling kumpidensyal at hindi puwedeng inspeksyunin ng publiko, maliban kung ang mga kumpidensyal na address ay maaaring ibigay sa mga ahensya ng pamahalaan o sa mga proseso ng halalan ayon sa itinakda ng batas ng estado.	16	Ako ay nanunumpa o nagpapatibay, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng panunumpa (perjury), na: Ang impormasyong nakasaad sa form na ito ay totoo, tama, at kumpleto sa abot ng aking kaalaman at karapatan kong bumoto sa hinihiling na hurisdiksyon. Hindi ako humihiling ng balota mula sa anumang ibang estado, at hindi rin ako bumoboto sa anumang ibang paraan sa (mga) halalang ito. Ako rin ay nagpapatunay na ako ay residente ng Alaska at na hindi ako nahatulan ng isang felony na may kinalaman sa imoralidad (moral turpitude), o kung ako man ay nahatulan, ako ay ganap nang nakalaya mula sa pagkakakulong, probation at/o parole. Ako ay hindi rehistrado upang bumoto sa ibang estado, o nagawa ko na ang mga kinakailangang hakbang upang kanselahin ang aking rehistrasyon. BABALA: Kung magbibigay ka ng maling impormasyon sa aplikasyon na ito, maaari kang mahatulan ng felony at/o misdemeanor. (AS 15.56.040; AS 15.56.050)		
		*Lagda: _____	Petsa: _____	



Aplikasyon para sa Absentee Ballot sa Alaska Para sa Pang-estado at Pederal na Halalan

- Suriin ang status ng iyong aplikasyon para sa absentee ballot sa myvoterportal.alaska.gov.

Mag-apply para makakuha ng absentee ballot para sa pederal at estado

Gamitin ang form na ito nang sabay upang:

- Humiling ng absentee ballot.
- Magparehistro para bumoto.
- Baguhin ang iyong impormasyon sa rehistrasyon.

Para makapagparehistro, dapat ikaw ay

- Isang mamamayan ng Estados Unidos. Ang mga hindi mamamayan at mga Noncitizen Nationals ay hindi maaaring magparehistro para bumoto.
- Isang residente ng Alaska.
- 18 taong gulang o nasa loob ng 90 araw bago ang iyong ika-18 kaarawan.
- Kapag nagparehistro para bumoto, kailangang beripikahin ang iyong identidad. Isumite ang kopya ng iyong kasalukuyang lisensya sa pagmamaneho, ID ng estado, pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, lisensya sa pangangaso at pangangisda o kasalukuyan at valid na photo ID kasama ng iyong aplikasyon.

Ang mga balota ay HINDI ipapasa

- Magbigay ng permanenteng address sa koreo.
- Magbigay ng address sa koreo kung saan mo matatanggap ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo. Kung hindi ka magbibigay ng address sa koreo para sa pagpapadala ng balota, ang iyong balota ay ipapadala sa iyong permanenteng address sa koreo.

Mga identidad at contact

- DAPAT kang magbigay ng ISANG identidad at ang iyong petsa ng kapanganakan.
- Magbigay ng numero ng telepono at/o email address para sa pakikipag-ugnayan. Kung may problema sa iyong aplikasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo.

Address ng tirahan sa Alaska

- Magbigay ng address ng tirahan sa Alaska. Maaaring matanggihan ang iyong aplikasyon kung magbibigay ka ng address sa labas ng estado, PO Box, HC number at box, rural route, commercial address, mail stop address, atbp.

Pansamantalang wala sa estado at may balak bumalik?

- Maaari mong panatilihin ang iyong address ng tirahan sa Alaska kung saan ka nanirahan bago umalis sa Alaska o kung saan ka kasalukuyang nakarehistro sa Alaska. *Ang mga aktibong miyembro ng militar at kanilang asawa ay hindi kailangang patunayan ang hangaring bumalik sa Alaska.*

Militar o nasa ibang bansa?

- Kapag humihiling ng balota sa pamamagitan ng fax o online, ang iyong aplikasyon ay dapat matanggap bago mag-5:00 p.m. Alaska Standard Time sa araw bago ang primaryang halalan, pangkalahatang halalan, o halalan sa buong estado.
- Siguraduhing ibigay ang iyong numero ng fax o email kapag humihiling ng balota sa pamamagitan ng fax o online.
- Mga mamamayang nasa ibang bansa, kung wala kayong balak bumalik sa Alaska at nais makilahok sa pederal na halalan, makipag-ugnayan sa aming tanggapan na nakalista sa ilalim ng "May Mga Tanong?" upang matanggap ang tamang aplikasyon.

Paraan ng Paghahatid ng Balota

- Maaaring pumili ng anumang opsyon anumang oras ang mga botanteng militar at nasa ibang bansa sa kahon 11 para sa primaryang halalan, pangkalahatang halalan, at espesyal na halalan sa buong estado.
- Hindi maaaring pumili ng opsyon na online o fax ang mga sibilyang botante hanggang 15 araw bago ang araw ng halalan.
- Kung pipili ang isang sibilyang botante ng online o fax bago ang 15 araw, ang paraan ng paghahatid ng balota ay awtomatikong ipapadala sa pamamagitan ng koreo.

May Mga Tanong?

- Tumawag sa amin: 907-270-2700 877-375-6508 (libreng tawag sa U.S.)
- Mag-email sa amin: akabsentee@alaska.gov
- Bisitahin ang aming website: elections.alaska.gov

Mga Deadline

- Nakapagparehistro na? Dapat matanggap ang iyong aplikasyon 10 araw bago ang halalan.
- Nagparehistro pa lamang upang bumoto? Para makaboto sa isang halalan, ang iyong aplikasyon ay dapat may postmark o matanggap 30 araw bago ang halalan, maliban sa halalan para sa presidente.
- Sa halalan para sa presidente, maaari kang magparehistro at bumoto sa presidential race hangga't ang iyong kahilingan para sa balot sa pamamagitan ng koreo ay matanggap 10 araw bago ang halalan.

Mga Partidong Kinanaaniban

- Maari mong tukuyin ang iyong partidong kinanaaniban. Kung hindi ka pipili ng partidong kinanaaniban, ikaw ay mairerehistro bilang hindi nagdeklara ng partido. Ang mga pagpipilian sa partidong kinanaaniban sa Alaska ay ang mga sumusunod:
 - **Kinikilalang Partido Politik:** Partidong Demokratiko ng Alaska, Partidong Libertarian ng Alaska, Partidong Republikano ng Alaska
 - **Mga Grupong Politik:** Alaska Constitution Party, Green Party of Alaska, UCES' Clowns Party, Veterans Party of Alaska, Alaskan Party, Conservative Party USA, Reform Alaska Permanent Fund Dividend Party
 - **Iba pa:** Walang partido politikal (hindi kabilang sa anumang partido o grupong politikal), Hindi nagdeklara ng partido (hindi nais ideklara ang politikal na kinanaaniban)

Isumite ang iyong aplikasyon

- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng koreo: Dibisyon ng mga Halalan Absentee at Petition Office 3651 Penland Pkwy, Floor 2 Anchorage AK 99508-2034
- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng fax: 907-677-9943 855-677-9943 (libreng tawag sa U.S.)
- Ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng email: akabsentee@alaska.gov

Mga Presinto ng Botohan

Ang mga botanteng kalahok sa Pangunahing Halalan ng Agosto 18, 2026, ay maaaring bumoto nang personal sa Araw ng Halalan sa mga lokasyon ng presinto ng botohan, o sa pamamagitan ng maagang pagboto at mga pagkakataon ng pagboto nang wala sa presinto. Ang mga botanteng nagbabalak makatanggap ng balota sa koreo ay kailangang magsumite ng aplikasyon para sa balota ng pagboto nang wala sa presinto sa dibisyon bago ang Agosto 08, 2026.

Paano Hanapin ang Iyong Presinto ng Botohan

Kung hindi ka sigurado kung saan ang iyong itinalagang lokasyon ng presinto ng botohan, mayroon kang mga sumusunod na opsyon:

- Hanapin ang iyong presinto ng botohan sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong impormasyon online sa:

<https://myvoterportal.alaska.gov/>

- O maghanap ng lokasyon ng presinto ng botohan gamit ang iyong tirahan:

<https://www.elections.alaska.gov/poll-locator/>

- O tingnan ang listahan ng lahat ng lokasyon ng presinto ng botohan sa:

<https://www.elections.alaska.gov/election-polls/>

- O tumawag sa iyong Opisina ng Halalan sa Rehiyon:

Rehiyon I – Juneau

Mga Distrito ng Kapulungan 1 - 6

Telepono (907) 465-3021 o Libreng Tawag 1-866-948-8683

Rehiyon II – Anchorage

Mga Distrito ng Kapulungan 9 - 24

Telepono (907) 522-8683 o Libreng Tawag 1-866-958-8683

Rehiyon III – Fairbanks

Mga Distrito ng Kapulungan 31 - 36

Telepono (907) 451-2835 o Libreng Tawag 1-866-959-8683

Rehiyon IV – Nome

Mga Distrito ng Kapulungan 37 - 40

Telepono (907) 443-5285 o Libreng Tawag 1-866-953-8683

Rehiyon V - Wasilla

Mga Distrito ng Kapulungan 7 - 8, 25 - 30

Telepono: (907) 373-8952 o Libreng Tawag (844) 428-8952

**Maaari mo ring tingnan kung ikaw ay rehistrado at suriin ang
iyong impormasyon sa rehistrasyon online sa Aking Portal
ng Impormasyon ng Botante!**

**Hindi makakaboto ang Alaska kung
wala ang mga Manggagawa sa
Halalan at pinahahalagahan namin
ang lahat ng kanilang ginagawa!**




Ang Dibisyon ng mga Halalan ay dapat mag-recruit at magsanay ng libo-libong mga Manggagawa sa Presinto, mga Miyembro ng Lupon, at iba pa sa buong estado.



Bisitahin ang elections.alaska.gov/election-workers upang matuto pa kung paano ka makakatulong.



Proklamasyon ng Lupon noong Mayo 2023 sa Buong Estado
Plano ng Muling Pagdidistrito na Pinagtibay ng Lupon ng Muling Pagdidistrito ng Alaska 05/15/2023



Paglahok ng mga Botante sa Pangunahing Halalan Pagiging Estado – 2024

Taon	Bilang ng mga Rehiistrado ng Botante	Aktuwal na mga Botong Naibigay sa Pangunahing Halalan	Porsiyento ng mga Rehiistradong Botante na Bumoto sa Pangunahing Halalan
1958		46,929*	
1960		40,307*	
1962		41,140	
1964		33,728	
1966		53,667	
1968		54,589	
1970		72,414	
1972		57,141	
1974		84,585	
1976	187,803	55,233	29.4%
1978	224,118	108,057	48.2%
1980	242,898	102,409	42.2%
1982	241,264	139,133	57.7%
1984	278,443	97,837	35.1%
1986	279,743	150,768	53.9%
1988	272,420	116,663	42.8%
1990	283,826	144,373	50.9%
1992	296,461	124,026	41.8%
1994	325,260	116,117	35.7%
1996	405,397	122,866	30.3%
1998	446,200	109,906	24.6%
2000	460,321	79,145	17.2%
2002	453,248	114,740	25.3%
2004	457,825	129,145	28.2%
2006	459,364	160,847	35.02%
2008	476,472	193,533	40.62%
2010	487,456	164,047	33.65%
2012	496,952	125,937	25.34%
2014	494,900	193,097	39.02%
2016	515,714	88,817	17.22%
2018	566,790	115,727	20.42%
2020	588,341	133,569	22.70%
2022	598,769	192,542	32.16%
2024	605,782	108,906	17.99%

Tandaan: Ang bilang ng mga rehiistradong botante sa Alaska (para sa pangunahing halalan) mula 1958-1974 ay hindi magagamit. Samakatuwid, ang porsiyento ng mga botanteng bumoto sa mga pangunahing halalan bago ang 1976 ay hindi matutukoy.

* Ang mga bilang na ito ay mga tantiya.

Halalan sa Primarya ng 2026

Panukat ng Balota Blg. 1

Inisyatibo 23RCF2

*Isang Batas na nagpapanumbalik ng mga limitasyon sa kontribusyon sa kampanya para sa mga kampanya para sa estado at lokal na posisyon.

Ang mga sumusunod na pahina ay naglalaman ng impormasyon sa ibaba:

- Wika ng Balota
- Niyutral na Buod na Inihanda ng Ahensya ng Lehislatibong Gawain
- Pahayag ng mga Gastos
- Buong Teksto ng Batas
- Pahayag ng Suporta
- Pahayag ng Pagsalungat

Tandaan na Bumoto

Agosto 18, 2026





Opisyal na Balota ng Estado ng Alaska

House District XX

Agosto 18, 2026

Primaryang Halalan

Pumili ng isa sa Nangungunang Apat na Pangunahing Halalan

MANGYARING TANDAAN: Ang itinalagang pagkakaanib ng kandidato ay hindi nagpapahiwatig na ang kandidato ay hinirang o inendorso ng partidong pampulitika o grupo o na inaaprubahan ng partido o grupo o kasamahan ng kandidatong iyon, ngunit tanging ang kandidato ay nakarehistro bilang kaakibat ng partido o grupo.

Mga Tagubilin:

- Upang iboto ang mga sumusunod na paligsahan, ganap na punan ang habilog sa kanan na iyong napili, tulad nito:
- Bumoto para sa isang kandidato lamang.
- Gumamit ng asul o itim na tintang pang sulat para magmarka sa iyong balota. **WALANG PULANG TINTA.**
- Kung nagkamali ka, maaari kang humingi ng bagong balota.

Senador ng Estados Unidos (Bumoto para sa isa)	Kinatawan ng Estados Unidos (Bumoto para sa isa)
☐ Candidate (Registered w/a Party or Group)	☐ Candidate (Registered w/a Party or Group)

Muwestrang Balota

Ipagpatuloy ang Pagboto sa Kabilang Panig

Gobernador / Tenyente Gobernador (Bumoto para sa isa)	Panukala sa Balota Blg. 1 23RCF2 - Isang Batas na Naglilimita sa mga Kontribusyon sa mga Kampanya
☐ Candidate (Registered w/a Party or Group)	Babaguhin ng batas na ito ang halaga ng perang maaaring ibigay ng mga tao at grupo sa mga kampanyang pampulitika ng estado at lokal. Isang desisyon ng korte noong 2021 ang nag-alis ng mga limitasyon sa mga kontribusyon ng mga indibidwal. Sa pamamagitan ng batas na ito, maaaring magbigay ang mga indibidwal ng \$2,000 sa mga kandidato at \$5,000 sa mga partidong pampulitika. Ang mga grupo bukod sa mga partidong pampulitika ay maaaring magbigay ng \$4,000 sa mga kandidato at \$5,000 sa ibang mga partido o grupo. Maaari ring magbigay ang mga indibidwal ng \$4,000 sa magkasanib na mga kampanya para sa gobernador at tinylene gobernador, at ang mga grupo ay maaaring magbigay ng \$8,000. Ang mga limitasyong ito ay tataas kasabay ng implasyon bawat sampung taon simula sa 2031. Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito? ☐ Oo ☐ Hindi
(Bumoto para sa isa)	
☐ Candidate (Registered w/a Party or Group)	
(Bumoto para sa isa)	
☐ Candidate (Registered w/a Party or Group)	

Muwestrang Balota

Ipagpatuloy ang Pagboto sa Kabilang Panig



Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

Lenguwahe ng Balota

Ballot Measure No. 1 – 23RCF2

Isang Batas na Naglilimita sa mga Kontribusyon sa mga Kampanya

Babaguhin ng batas na ito ang halaga ng perang maaaring ibigay ng mga tao at grupo sa mga kampanyang pampulitika ng estado at lokal. Isang desisyon ng korte noong 2021 ang nag-alis ng mga limitasyon sa mga kontribusyon ng mga indibidwal. Sa pamamagitan ng batas na ito, maaaring magbigay ang mga indibidwal ng \$2,000 sa mga kandidato at \$5,000 sa mga partidong pampulitika. Ang mga grupo bukod sa mga partidong pampulitika ay maaaring magbigay ng \$4,000 sa mga kandidato at \$5,000 sa ibang mga partido o grupo. Maaari ring magbigay ang mga indibidwal ng \$4,000 sa magkasanib na mga kampanya para sa gobernador at tinyente gobernador, at ang mga grupo ay maaaring magbigay ng \$8,000. Ang mga limitasyong ito ay tataas kasabay ng implasyon bawat sampung taon simula sa 2031.

Dapat bang maging batas ang inisyatibong ito?

☐ Oo ☐ Hindi

BUOD NG AHENSIYA NG MGA USAPING PANG-LEHISLATURA

Itinatakda ng panukalang batas ang mga limitasyon sa mga donasyon sa kampanya. Ang panukalang batas ay naaangkop sa parehong pang-estado at pang-lokal na halalan. Sa ilalim ng panukalang batas, maaaring magbigay ang isang tao ng \$2,000 sa isang kandidato sa bawat siklo ng halalan. Maaaring magbigay ang isang tao ng \$4,000 sa isang pinagsamang kampanya para sa tanggapan ng gobernador sa bawat siklo. Maaaring magbigay ang isang tao ng \$5,000 bawat taon sa isang partidong pampolitika o grupo. Maaaring magbigay ang isang grupo ng \$4,000 sa isang kandidato sa bawat siklo. Maaaring magbigay ang isang grupo ng \$8,000 sa isang pinagsamang kampanya para sa tanggapan ng gobernador sa bawat siklo. Maaaring magbigay ang isang grupo ng \$5,000 bawat taon sa isang grupo o organisasyon. Maaaring magbigay ang isang organisasyon ng \$4,000 sa isang kandidato sa bawat siklo. Maaaring magbigay ang isang organisasyon ng \$5,000 bawat taon sa isang organisasyon o grupo. Itinatadhana ng panukalang batas na ang mga limitasyon ay mananatiling naaayon sa implasyon. Nililina ng panukalang batas na ang mga limitasyon ay hindi naaangkop sa donasyong ibinigay sa isang grupong gumagawa lamang ng mga independiyenteng paggasta. Ang panukalang batas ay hindi naaangkop sa mga donasyong ibinigay bago magkabisang panukalang batas.

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

Ulat ng Mga Gastos

Buod ng Gastusin ng Maramihang Ahensya

Ahensya	Gastos
Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska	\$0
Tanggapan ng Tenyente-Gobernador	\$15,000
Tanggapan ng Tenyente-Gobernador – Dibisyon ng mga Halalan	\$105,503
KABUUAN	\$120,503

Tinatayang Gastusin para sa Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska

Ayon sa kinakailangan ng AS 15.45.090(a)(4), inihanda ng Komisyon ng mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska (Alaska Public Offices Commission, APOC) ang sumusunod na pahayag ng mga gastusin para ipatupad ang panukalang inisyatiba sa balota.

Nilalayan ng panukalang inisyatiba na magtakda ng limitasyon sa kontribusyon sa kampanyang politikal at nananawagan na ang mga limitasyong ito ay iakma sa antas ng implasyon sa pamamagitan ng regulasyon tuwing 10 taon. Bagaman ang inisyatiba ay mangangailangan ng edukasyon at outreach para sa mga nagsusumite, hindi inaasahan ng APOC ang karagdagang gastusin na may kaugnayan sa mga aktibidad na ito.

Tinatayang Gastusin para sa Tanggapan ng Tenyente-Gobernador at Dibisyon ng mga Halalan

Ayon sa AS 15.45.090(a)(3), inihanda ng Tanggapan ng Tenyente-Gobernador at ng Dibisyon ng mga Halalan ang sumusunod na pahayag ng mga gastusin para ipatupad ang panukalang inisyatiba sa balota.

Tenyente-Gobernador

Ayon sa Batas ng Alaska 15.45.195, hindi bababa sa 30 araw bago ang halalan kung saan ilalagay ang isang inisyatiba sa balota, ang tenyente-gobernador o isang itinalagang kinatawan ng tenyente-gobernador ay dapat magsagawa ng dalawa o higit pang pampublikong pagdinig tungkol sa inisyatiba sa bawat hudisyal na distrito sa estado. Bawat pampublikong pagdinig sa ilalim ng seksyong ito ay dapat magsama ng nakasulat o pasalitang testimonya ng isang tagasuporta at isang kalaban ng inisyatiba.

Tinatayang gastusin para sa pagbiyahe para sa Tinylene-Gobernador at isang miyembro ng miyembro ng kawani **\$15,000**

Dibisyon ng mga Halalan

Ang pinakamababang gastos para sa Dibisyon ng mga Halalan na may kaugnayan sa sertipikasyon ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba, hindi kasama ang legal na gastusin ng estado at ang gastusin sa anumang hamon sa bisa ng petisyon, ay tinatayang \$105,503.

Kakailanganin ang anim na pansamantalang empleyado upang suriin ang mga lagda sa loob ng 2,520 oras na tinatayang nagkakahalaga ng \$52,793 at tinatayang kakailanganin ang 504 na oras para sa pagpapatunay ng aplikasyon ng inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba na tinatayang magkakahalaga ng \$21,674. Ang gastos sa serbisyo ng pag-iimprenta na may kaugnayan sa sertipikasyon ng aplikasyon ng

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

inisyatiba at pagsusuri ng petisyon para sa inisyatiba ay aabot sa \$1,420 para sa pag-iimprenta ng mga booklet ng botante.

Tinatayang gastos sa pagsasalin ng wika ng panukalang boto para sa audio at halimbawa ng balota, pati na rin sa: pahayag pabor sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, pahayag laban sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, at neutral na buod sa Opisyal na Polyeto ng Halalan, sa mga wikang kinakailangan alinsunod sa Toyukak Settlement at Seksyon 203 ng Federal Voting Rights Act, ay aabot sa tinatayang \$29,616.

Pagtantya ayon sa Kategoriya

Pagsusuri ng Petisyon	\$74,467
Mga Serbisyo ng Pag-iimprenta ng Petisyon	\$1,420
Pagsasalin ng Wika ng Teksto ng Inisyatiba	\$29,616
KABUUAN	\$105,503

Buong Teksto ng Iminungkahing Batas

INISYATIBA PARA SA PAGSASAULI NG MGA LIMITASYON SA PANANALAPI NG KAMPANYA SA ALASKA

ISANG INISYATIBA UPANG:

MULING ITAGUYOD ANG MGA LIMITASYON SA DONASYON SA KAMPANYA PARA SA MGA HALALAN SA ESTADO AT LOKAL.

ISANG PANUKALANG-BATAS SA PAMAMAGITAN NG INISYATIBA

Para sa Batas na may Pamagat na:

“Isang Batas na nagsasauli ng mga limitasyon sa kontribusyon sa kampanya para sa mga halalan sa estado at lokal na posisyon.”

IPINAPATUPAD NG TAUMBAYAN NG ESTADO NG ALASKA:

Seksyon 1. Binabago ang hindi nakodipikang batas ng Estado ng Alaska sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang seksyon na ganito ang nilalaman:

MGA NATUKLASAN AT LAYUNIN. Natuklasan ng Bayan ng Estado ng Alaska:

(1) Naniniwala ang taumbayan ng Alaska na ang kapangyarihang politikal at impluwensya sa mga opisyal ng pamahalaan ay hindi dapat nakabatay lamang sa yaman. Sa halip, kinakailangan ang makatwirang limitasyon sa halaga ng kontribusyon sa kampanya upang matiyak ang pantay na karapatan para sa mga taga-Alaska at mapanatili ang integridad ng ating mga halalan.

Seksyon 2. Inamyendahan ang AS 15.13.070(b) na nagsasaad:

(b) **Maliban sa mga itinatadhana sa (h) ng seksyong ito,** ang [ISANG] indibidwal ay maaaring mag-ambag ng hindi hihigit sa

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

(1) **\$2,000 bawat siklo ng halalan** [\$500 BAWAT TAON] sa isang di-grupong entidad para sa layuning impluwensyahan ang nominasyon o halalan ng isang kandidato, sa isang kandidato, o sa isang indibidwal na nagsasagawa ng write-in campaign (kampanya ng kandidato na hindi nakalista sa balota, at hinihikayat ang botante na isulat ang kanyang pangalan para iboto siya), [O SA ISANG GRUPO NA HINDI PARTIDO POLITIKAL];

(2) \$5,000 [BAWAT] taon sa isang partido politikal o iba pang grupo.

Seksyon 3. Inamyendahan ang AS 15.13.070(c) na nagsasaad:

(c) Maliban sa mga itinatadhana sa (h) ng seksyong ito, ang [ISANG] grupo na hindi partido politikal ay maaaring mag-ambag ng hindi hihigit sa

(1) **\$4,000 bawat siklo ng halalan** [\$1,000 BAWAT TAON (1)] sa isang kandidato, o sa isang indibidwal na nagsasagawa ng write-in campaign bilang kandidato;

(2) **\$5,000 bawat taon** sa ibang grupo, sa isang di-grupong entidad, o sa isang partido politikal.

Seksyon 4. Inamyendahan ang AS 15.13.070(f) na nagsasaad:

(f) Maliban sa mga itinatadhana sa (h) ng seksyong ito, ang [ISANG] di-grupong entidad ay maaaring mag-ambag ng hindi hihigit sa

(1) **\$4,000 bawat siklo ng halalan** [\$1,000 SA ISANG TAON] sa ibang di-grupong entidad para sa layuning impluwensyahan ang nominasyon o halalan ng isang kandidato, sa isang kandidato, o sa isang indibidwal na nagsasagawa ng write-in campaign bilang kandidato;

(2) **\$5,000 bawat taon [,] sa isang grupo [,]** o sa isang partido politikal.

Seksyon 5. Inamyendahan ang AS 15.13.070(g) na nagsasaad:

(g) Kapag ang mga kontribusyon ay ibinibigay sa isang pinagsamang kampanya para sa gobernador at tenyente-gobernador,

(1) ang isang indibidwal ay maaaring magbigay ng hindi hihigit sa **\$4,000 bawat siklo ng halalan** [\$1,000 BAWAT TAON]; at

(2) ang isang grupo ay maaaring magbigay ng hindi hihigit sa **\$8,000 bawat siklo ng halalan** [\$2,000 BAWAT TAON].

Seksyon 6. Inamyendahan ang AS 15.13.070 sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong subseksyon na nagsasaad:

(h) Upang sumunod sa pederal na desisyon ng korte, ang mga limitasyon sa kontribusyon na itinatadhana sa ilalim ng (b)(1), (c)(2), at (f) ng seksyong ito ay hindi naaangkop sa isang

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

indibidwal, grupo, o di-grupong entidad na nagbibigay sa isang grupo o di-grupong entidad na gumagawa lamang ng independiyenteng gastusin.

(i) Magsisimula sa unang tatlong buwan ng taong kalendaryo 2031 at sa bawat 10 taon pagkatapos nito, ang komisyon ay, sa pamamagitan ng regulasyon, aayusin ang mga limitasyon sa kontribusyon na nakasaad sa seksyong ito sa porsyento na katumbas ng porsyento ng pagtaas sa nakalipas na 10-taong panahon sa lahat ng item ng Consumer Price Index para sa lahat ng urban consumer sa Anchorage, Alaska, na itinatantya sa pinakamalapit na \$50 na halaga.

Seksyon 7. Inamyendahan ang AS 15.13.110(i) na nagsasaad:

(i) Sa panahon ng **isang siklo ng halalan** [PANAHOON NG KAMPANYA], hindi maaaring baguhin ng komisyon ang paraan o format kung paano isusumite ang mga ulat na kinakailangan mula sa isang kandidato sa ilalim ng kabanatang ito. [SA SUBSEKSYONG ITO, ANG “PANAHOON NG KAMPANYA” AY TUMUTUKOY SA PANAHOON SIMULA SA PETA NA NAGING KWALIPIKADO ANG ISANG KANDIDATO NA TUMANGGAP NG KONTRIBUSYON SA KAMPANYA ALINSUNOD SA KABANATANG ITO AT NAGTATAPOS SA PETA NA DAPAT ISUMITE ANG HULING ULAT PARA SA PAREHONG KAMPANYA.]

Seksyon 8. Inamyendahan ang AS 15.13.400 sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong talata na nagsasaad:

(20) Ang “siklo ng halalan” ay tumutukoy sa panahon simula sa petsa na naging kwalipikado ang isang kandidato na tumanggap ng kontribusyon sa kampanya alinsunod sa kabanatang ito at nagtatapos sa petsa na dapat isumite ang huling ulat para sa parehong kampanya.

Seksyon 9. Ang hindi nakodipikang batas ng Estado ng Alaska ay binabago sa pamamagitan ng pagdaragdag ng isang bagong seksyon na ganito ang nilalaman:

PAGIGING NAAANGKOP. Ang Batas na ito ay hindi naaangkop sa mga kontribusyong ibinigay upang maimpluwensiyahan ang kinalabasan ng anumang halalang naganap sa o bago ang petsa ng pagkakabisa ng Batas na ito.

PAGKAKAHIWALAY NG MGA PROBISYON. Ang mga probisyon ng Batas na ito ay magkakahiwalay at maaaring ihiwalay. Kung ang alinmang probisyon ng Batas na ito o ang paglalapat ng alinmang probisyon nito sa sinumang tao o sitwasyon ay mapagpasyahang walang bisa ng isang hukuman na may nararapat na hurisdiksiyon, ang natitirang bahagi ng Batas na ito ay hindi maaapektuhan at mananatiling may bisa sa pinakamalawak na lawak na pinahihintulutan.

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

Pahayag ng PAGSUPPORTA

Boud

Sa kasalukuyan, ang mga indibidwal mula saanmang bahagi ng bansa ay maaaring magbigay ng walang limitasyong pondo nang direkta sa mga kandidato sa lokal at pang-estado na halalan sa Alaska. Nangangahulugan ito na bukas na bukas ang daan para sa mayayaman at mga espesyal na interes, lalo na ang mga mula sa Mababang 48 estado na maaaring hindi kabahagi ng mga pagpapahalagang Alaskan, upang tabunan ang mga tinig ng karaniwang mga Alaskan.

Kapag ang isang donor ay maaaring gumastos ng daan-daang libo, o maging milyon-milyong dolyar, para sa isang kandidato, lumilikha ito ng isang mapanganib na kalagayan. Hindi lamang nito binibigyan ng labis na impluwensiya ang napakayamang mga tao, kundi inilalantad din nito ang ating mga halal na opisyal sa panganib at pananaw ng katiwaliang may kapalit na pabor. Inilagay ng mga Alaskan mula sa iba't ibang panig ng ating estado ang inisyatibong ito sa balota dahil naniniwala kami na ang ating mga halalan ay dapat para sa atin, hindi para sa pinakamataas na nagbabayad. Sa pagboto ng OO, pinipili ninyong ibalik ang makatarungan, makatwiran, at naaayon sa konstitusyong mga limitasyon sa mga ambag sa kampanya.

Kasaysayan

Sa loob ng maraming dekada, ang Alaska ay isang pambansang nangunguna sa integridad ng pananalapi sa kampanya. Noong 2006, pinagtibay ng 73% ng mga botanteng Alaskan ang mga pagpapahalagang ito sa pamamagitan ng pagsuporta sa mahigpit na mga limitasyon sa mga ambag upang pigilan ang “malalaking pera” na mangibabaw sa ating larangang pampolitika. Tiniyak ng mga limitasyong ito na ang mga tinig ng karaniwang mga Alaskan ay may kapantay na katayuan sa mayayaman at mga espesyal na interes at, bilang resulta, ay naririnig ng kanilang mga kinatawan. Ngunit nagbago iyon noong 2021 nang pawalang-bisa ng isang pederal na hukuman ang mga limitasyon sa mga ambag sa kampanya ng Alaska na inaprubahan ng mga botante — na nagresulta sa mga halalan kung saan ang isang donor ay maaaring magbigay ng walang limitasyong halaga nang direkta sa mga kandidato. Kung wala ang mga pananggalang na ito, ang mayayamang indibidwal at mga espesyal na interes ay maaaring magkaroon ng labis na impluwensiya at ilihis ang pokus ng isang kandidato palayo sa mga nasasakupan na dapat nilang paglingkuran.

Ano ang Ginagawa ng Inisyatiba

Ang Inisyatiba sa Reporma sa Pananalapi ng Kampanya (23RCF2) ay nagbabalik ng balanse sa ating sistema. Nagtatatag ito ng isang balangkas na nagpapahintulot sa mga kandidato na makalikom ng kinakailangang pondo para sa kampanya habang pinipigilan ang sinumang indibidwal o grupo na makabili ng labis na impluwensiya. Partikular, ang inisyatibang ito ay:

- Nagtatatag ng Malinaw na mga Limitasyon: Nagtatakda ito ng limitasyon sa ambag na hanggang \$2,000 bawat siklo ng halalan mula sa isang indibidwal para sa isang kandidato, at hanggang \$4,000 mula sa isang grupo (ang mga limitasyong ito ay dinodoble para sa mga halalan sa halalan sa pagka-gobernador).
- Pinapantay ang Kalagayan sa Kompetisyon: Inililipat nito ang estruktura ng mga ambag sa batayan ng bawat siklo ng halalan sa halip na bawat taon sa kalendaryo. Tinitiyak nito na ang mga bagong humahamon ay may pantay na pagkakataon laban sa mga nakaupong opisyal na kadalasang nagsisimulang mangalap ng pondo maraming taon nang mas maaga.
- Nagbibigay ng mga Pagsasaayos para sa Implasyon: Inaatasan nito ang Komisyon sa mga Pampublikong Tanggapan ng Alaska na isaayos ang mga limitasyong ito ayon sa implasyon upang matiyak na ang mga limitasyon ay mananatiling makatwiran at naaayon sa konstitusyon sa paglipas ng panahon.

Konklusyon

Tinutugunan ng inisyatibang ito ang mga alalahaning panghukuman habang ipinapakita ang matagal nang hinihingi ng mga Alaskan: makatarungang mga halalan at mga kinatawang nananagot sa mga botante. Hindi pinapaboran ng inisyatibang ito ang anumang partikular na partido; tinitiyak lamang nito na ang lahat ay sumusunod sa parehong mga tuntunin.

Bumoto ng OO upang protektahan ang mga tinig ng mga Alaskan, maibalik ang tradisyon ng pananagutan sa Alaska, at mapanatiling nakatuon ang ating mga halal na opisyal sa mga taong naninirahan at nagtatrabaho sa Alaska, hindi sa malalaking nag-aambag at mga espesyal na interes mula sa labas.

Bruce Botelho
Calvin Schrage
David Monson

Citizens Against Money in Politics

Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at iniharap ayon sa pagkakasumite sa Dibisyon ng mga Halalan.

Panukalang-Batas sa Balota Blg. 1

Inisyatiba sa Pagpapanumbalik ng mga Limitasyon sa Pananalapi ng Kampanya sa Alaska

PAHAYAG NG PAGKAKASALUNGAT

Nais ng Panukala Blg. 1 na isipin ninyo na ito ay para sa “pagiging makatarungan,” ngunit nililimitahan nito ang inyong karapatang suportahan ang mga layuning pinaniniwalaan ninyo. Bagaman ang layunin nito ay baguhin kung gaano karaming pera ang maaaring ibigay ng mga tao sa mga kampanya, ang aktuwal na resulta nito ay makapipinsala sa kalayaan sa pagpapahayag at babalewalain kung paano gumagana ang totooing mundo.

Pagprotekta sa Inyong Boses

Ang mga ambag sa kampanya ay isang anyo ng pampolitikang pagpapahayag. Ang limitahan ang kakayahan ng isang tao na suportahan ang isang kandidato ay limitahan ang kanyang boses sa demokratikong proseso. Noong 2021, ipinasiya ng isang hukuman na ang mga indibidwal ay hindi dapat magkaroon ng ganitong mga uri ng limitasyon sa kanilang mga donasyon. Ito ay dahil ang pagbibigay ng pera sa isang kandidato ay isang paraan ng pagpapahayag ng pampolitikang opinyon. Sa muling pagtatakda ng limitasyon sa mga indibidwal na donasyon, pinahihirapan ng batas na ito ang mga karaniwang tao na magkaroon ng malaking epekto.

Kapag nililimitahan natin kung gaano karami ang maaaring ibigay ng mga tao, pinahihirapan natin ang mga bago o “mula sa labas” na kandidato na makalikom ng sapat na pondo upang maiparating ang kanilang mensahe at binibigyan natin ng kalamangan ang mga nakaupong opisyal. Ang ganitong uri ng limitasyon ay tumutulong lamang sa mga politikong nasa kapangyarihan na. Ipinakita ng mga desisyon ng Kataas-taasang Hukuman tulad ng Nagkakaisang mga Mamamayan na hindi dapat limitahan ng pamahalaan ang suportang pampolitika, subalit sinusubukan ng inisyatibang ito na gawin mismo iyon.

Ang muling pagpapataw ng mga bagong limitasyon ay lumilikha ng hadlang na “kailangang magbayad upang makalahok” kung saan tanging yaong mga mayroon nang malawak na pagkakakilanlan ng pangalan ang maaaring magtagumpay, na epektibong nagpapatahimik sa suportang mula sa karaniwang mamamayan na kinakailangan ng mga mapanghamon o di-karaniwang kandidato.

Ang Problema sa Implasyon

Isa pang malaking isyu ay kung paano tinutugunan ng batas ang tumataas na gastusin sa pamumuhay, o implasyon. Sinasabi ng inisyatiba na tataas lamang ang mga limitasyong ito isang beses bawat sampung taon. Ang sampung taong pagkapirmi ng mga limitasyon sa ambag ay napakahabang panahon.

- **Bumababa ang Halaga Taun-taon:** Habang tumataas ang implasyon, ang tunay na halaga ng isang limitadong donasyon ngayon ay mas kaunti na lamang ang mabibili pagkalipas ng limang taon.
- **Tumataas na mga Gastusin:** Upang mapanatili lamang ang parehong kakayahan sa pagbili, mapipilitan ang mga kandidato na gumugol ng mas maraming oras sa pangangalap ng pondo at mas kaunting oras sa pakikipag-usap sa mga botante at paggawa sa mahahalagang patakaran.
- **Mahahabang Panahon ng Paghihintay:** Ang paghihintay hanggang 2031 upang isaayos ang mga bilang na ito sa unang pagkakataon ay sadyang napakatagal para sa isang mabilis na nagbabagong ekonomiya. Mayroon ba sa atin ang naniniwala na ang mga gastusin ng ating sambahayan o mga negosyo ay mananatiling pareho pagkalipas ng limang taon?

Dapat tanggihan ng mga botante ang Inisyatibong Panukala Blg. 1. Isa itong batas na pumapabor sa kasalukuyang kalagayan at sa mga espesyal na interes, binabalewala ang proteksiyon ng kalayaan sa pagpapahayag, at hindi isinasalang-alang ang mabilis na takbo ng ating ekonomiya. Dapat nating hinihikayat ang higit pang pakikilahok sa ating demokrasya, hindi ang paglikha ng mga batas na nagpapahirap sa mga mamamayan na marinig ang kanilang boses.

Bilang mga dating mambabatas, naniniwala kami na ang Panukala Blg. 1 ay isang hakbang sa maling direksiyon para sa Alaska. Ang pahayag na ito ay sinusupportahan ng mga dating senador ng estado na sina David Wilson at Edna DeVries, kasama ng mga dating kinatawan ng estado na sina Liz Vazquez, Ben Carpenter, at Larry Baker. Sumama sa amin sa pagboto ng HINDI.

Liz Vazquez, dating miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Alaska
David Wilson, dating miyembro ng Senado ng Estado ng Alaska
Ben Carpenter, dating miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Alaska

Ang pahayag na nakalimbag sa pahinang ito ay opinyon ng (mga) may-akda at iniharap ayon sa pagkakasumite sa Dibisyon ng mga Halalan.



P.O. Box 110017
Juneau, Alaska 99811-0017

NON PROFIT ORGANIZATION
US POSTAGE PAID
PORTLAND, OR
PERMIT #4818

UPANG HANAPIN ANG IYONG LUGAR NG BOTOHAN: <https://myvoterportal.alaska.gov/>
O TUMAWAG NANG WALANG BAYAD: (866) 952-8683 or 907-465-4611 (Juneau)

REGIONAL ELECTIONS OFFICES

Region I Elections Office

(House Districts 1-6)

P.O. Box 110018
Juneau, Alaska 99811-0018
Phone: (907) 465-3021
Toll free: 1-866-948-8683

Region III Elections Office

(House Districts 31-36)

675 7th Avenue, Suite A1
Fairbanks, Alaska 99701-4531
Phone: (907) 451-2835
Toll free: 1-866-959-8683

Region V Elections Office

Phone: (907) 373-8952
Toll free: 1-844-428-8952

(House Districts 25-30)

1700 E. Bogard Road, Suite B102
Wasilla, Alaska 99654-6565

Region II Elections Office

(House Districts 9-24)

2525 Gambell Street, Suite 100
Anchorage, Alaska 99503-2838
Phone: (907) 522-8683
Toll free: 1-866-958-8683

Region IV Elections Office

(House Districts 37-40)

P.O. Box 577
Nome, Alaska 99762-0577
Phone: (907) 443-5285
Toll free: 1-866-953-8683

(House Districts 7-8)

11312 Kenai Spur Hwy, Suite 48
Kenai, AK 99611-9106